

Buod ng Mga Inaasahang Kundisyon ng Operasyon para sa Mga Negosyong Nagbibigay ng Serbisyo sa Buhok, Panggugupit, Kuko, Body Art, Pangangalaga ng Balat, Pagmamasaha, Pagpapaganda, at Ilang Iba Pang Personal na Serbisyo sa Lugar na Hindi para sa Pangangalagang Pangkalusugan

Hulyo 1, 2020

Pangkalahatang-ideya: Ang mga negosyo at indibidwal na nag-aalok ng mga personal na serbisyo gaya ng serbisyo sa buhok, panggugupit, kuko, body art, pangangalaga ng balat, pagmamasaha, at pagpapaganda ay hindi pinapayagang magpatakbo sa kasalukuyan sa ilalim ng Utos na Manatiling Ligtas sa Bahay (Utos ng Opisyal sa Kalusugan C19-07e). Sa kasamaang-palad, noong Hunyo 25, 2020, kinailangan ng Opisyal sa Kalusugan na pansamantalang ihinto ang nakaplanong muling pagbubukas ng mga ito at ng iba pang negosyo. Bawat araw, may natututunan tayo tungkol sa tumitinding epekto ng sakit na ito na nakakapinsala sa maraming estado sa buong bansa, at sa maraming county sa California. Ang pagtaas na ito sa bilang ng transmisyong ay makikita rin sa datos na nakolekta ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, kung saan makikitang tumataas ang bilang ng may COVID-19 sa ating sariling lungsod, na iba pa sa mga pasyenteng may malalang sakit na inilipat mula sa ibang county at tinanggap ng mga ospital sa San Francisco sa ilalim ng mga programa sa mutual aid. Patuloy na susubaybayan nang mabuti ng Opisyal sa Kalusugan ang mga indicator ng COVID-19 para matukoy kung kailan maipagpapatuloy ang proseso ng muling pagbubukas sa mas ligtas na paraan. Bagama't hindi alam at hindi mahuhulaan ng Opisyal sa Kalusugan kung kailan posibleng muling magbukas ang mga negosyong ito sa personal na serbisyo, layunin ng buod na ito na magbigay sa mga lokal na negosyo ng impormasyon tungkol sa mga inaasahang kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan para sa COVID-19, na malamang ay mailapat.

Puwedeng magbago ang mga kinakailangan sa ibaba depende sa mga kundisyon ng kalusugan, at hindi isasapinal ang mga ito hangga't hindi nasususugan ng Opisyal sa Kalusugan ang Utos na Manatiling Ligtas sa Bahay para payagan ang mga negosyong ito na muling magbukas. Binuo ang buod na ito noong Hulyo 1, 2020 para matulungan ang mga negosyo at indibidwal na magplano para sa muling pagbubukas at maiwasan ang mga hindi inaasahang sitwasyon o pagbabago sa kaalaman sa o availability ng mga paraan ng pag-disinfect o personal na pamproteksyong kagamitan (personal protective equipment, PPE), hindi malaki ang mga inaasahang pagbabago ng Lungsod. Nakalista sa ibaba ang:

- I. Mga detalye ng mga inaasahang kinakailangan para sa mga negosyong nag-aalok ng mga personal na serbisyo na kailangang matugunan para mas ligtas na muling makapagbukas ang mga ito kapag pinayagan na iyon ng Utos ng Opisyal sa Kalusugan C19-07e; at
- II. Ilang tanong at sagot tungkol sa mga inaasahang kinakailangan na ito.

I. Mga Inaasahang Kinakailangan para sa Mga Negosyong Nag-aalok ng Personal na Serbisyo:




Mga Pangkalahatang Kinakailangan. Tumutukoy ang “Mga Provider ng Personal na Serbisyo” sa mga provider na pinapangasiwaan ng Dibisyon 3, Kabanata 10 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon ng California o Dibisyon 104, Bahagi 15, Kabanata 7 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California, kasama ang mga hair salon, barber shop, nail salon, body art practitioner, serbisyo sa electrology, pagmamasaha (sa isang lugar na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan), tanning salon, esthetician, pangangalaga ng balat, at serbisyo sa pagpapaganda.

- Kakailanganing limitahan ng Mga Provider ng Personal na Serbisyo ang bilang ng Mga Tauhan at kliyente sa pasilidad para matiyak na nasusunod ang Mga Kinakailangan sa Pagdistansya sa Isa't Isa.
- Aatasan ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo at ang mga kliyente/customer na magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng pagkakaton—pati sa kabuuan ng serbisyo—maliban kung partikular silang mae-exempt mula sa mga kinakailangan sa pagsusuot ng takip sa mukha sa Utos ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-12b, na inilabas noong Mayo 28, 2020, o kung susundin nila ang mga partikular na kinakailangang nakasaad sa ibaba; at
- Aatasan ang Provider ng Personal na Serbisyo na gumawa, magpaskil, at magpatupad ng Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa gaya ng iniaatas sa Seksyon 15.h ng Utos.

Mga Kinakailangan sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan. Bukod sa paghahanda, pagpapaskil, at pagpatupad ng Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa na iniaatas ng Utos, kakailanganin ng bawat may-ari, operator, manager, o supervisor ng isang Provider ng Personal na Serbisyo na nagpatakbo sa Lungsod na gumawa, magpatibay, at magpatupad ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na tumutugon sa bawat item sa ibaba.


1. Seksyon 1 – Mga Kinakailangan para sa Lahat ng Provider ng Personal na Serbisyo:

- 1.1. Gumawa ng plano at magpatupad ng mga pang-araw-araw na beripikasyon ng sarili para sa mga sintomas ng COVID-19 para sa lahat ng Tauhan alinsunod sa iniaatas ng Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa (na nakapaloob sa Utos ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07e, na inilabas noong Hunyo 1, 2020, at sa anumang susog sa utos na iyon sa hinaharap) (“Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa”).*
- 1.2. Kumpirmahin sa mga customer bago pa sila dumating para sa kanilang appointment na wala silang sintomas. Dapat kanselahin ng mga customer ang kanilang appointment o dapat nilang ibahin ang iskedyul nito kung masama ang kanilang pakiramdam o kung nagpakita sila ng mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng 24 na oras bago ang kanilang nakaiskedyul na appointment.*
- 1.3. Pag-isipang maglabas ng mga digital na form o questionnaire para masagutan ng mga customer ang lahat ng dokumento sa electronic na paraan, bago ang kanilang appointment.*
- 1.4. Isailalim sa screening ang lahat ng customer pagkarating nila. Hindi dapat pagserbisyuhan ang mga customer na hindi papasa sa screening, at dapat ibahin ang iskedyul ng kanilang appointment o kaya ay kanselahin ito.*
- 1.5. Atasan ang Mga Tauhan na magsuot ng Takip sa Mukha alinsunod sa Utos sa Kalusugan Blg. C19-12b na inilabas noong Mayo 28, 2020, at sa anumang susog sa*



utos na iyon sa hinaharap (“Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha”). Dapat magsuot ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo ng Takip sa Mukha sa lahat ng pagkakataon kapag may mga customer.

- 1.6. Dapat magsuot ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo ng disposable na guwantes kung kinakailangan para sa isang partikular na serbisyo (hal. serbisyong gumagamit ng kemikal sa buhok, piercing, tattooing). Ang pagsusuot ng guwantes ay hindi pamalit sa regular na paghuhugas ng kamay at pag-sanitize.
- 1.7. Dapat magsuot ang mga customer ng Takip sa Mukha sa lahat ng pagkakataon maliban kung (a) exempted sila mula sa Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha o (b) kung kailangang alisin ang Takip sa Mukha para maisagawa ang mga serbisyong nauugnay sa bahaging iyon ng mukha, at sa panahon lang ng procedure na iyon, at nasusunod dapat ang mga naaangkop na pag-iingat para sa kaligtasan na nakasaad sa Seksyon 1.8 sa ibaba.
- 1.8. Mas malaki ang posibilidad na magkasakit sa mga aktibidad kung saan kailangang alisin ang takip sa mukha ng mga kliyente, at malamang ay pagbawalan ng nalalapit na direktiba ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo na mag-alok ng mga serbisyo kung saan kailangang alisin ang takip sa mukha ng mga kliyente. Depende sa antas ng pagkalat ng COVID-19 sa komunidad, puwedeng payagan, sa hinaharap, ang mga nasabing serbisyo kung saan kailangang alisin ang takip sa mukha ng mga kliyente. Kung papayagan/kapag pinayagan ang mga nasabing serbisyo, dapat magsagawa ng mga pag-iingat ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo. Ang ilan sa mga pag-iingat na posibleng iatas ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa mga sumusunod:
 - 1.8.1. Dapat magsuot ang Provider ng Personal na Serbisyo na nagsasagawa sa serbisyo ng proteksyon sa mata (bukod pa sa Takip sa Mukha) habang nagbibigay siya ng mga serbisyo kung saan hindi makapagsuot ang kliyente ng Takip sa Mukha. Dapat magsuot ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo ng safety glasses o shield sa mata. Dapat ilaan sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang mga face shield at iba pang proteksyon sa mata na may medikal na grado.
 - 1.8.2. Para sa maximum na proteksyon sa panahon ng mga procedure kung saan kailangang alisin ng customer ang kanyang Takip sa Mukha. Hinihikayat ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo na gumamit ng N95 mask na nasukat ang fit at walang vent kung mayroong ganito. Mas nakakapagbigay ng proteksyon ang mga N95 mask na nasukat ang fit at walang vent kaysa sa mga facemask o takip sa mukha. Ang mga N95 mask na hindi nasukat ang fit ay hindi nagbibigay ng maximum na proteksyon, at katulad lang ng sa mga facemask ang proteksyon ng mga ito.
 - 1.8.3. Puwede lang alisin ang Takip sa Mukha ng customer para sa tagal ng panahong kinakailangan para makumpleto ang bahagi ng serbisyo kung saan kailangan itong alisin.
 - 1.8.4. Dapat gawin ang serbisyo nang may hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa iba pang Tauhan at customer. Kung posible, dapat gawin ang serbisyo sa hiwalay na kwarto o ibang lugar na may mga kurtina o iba pang harang sa gilid.
 - 1.8.5. Dapat pagbawalan ang mga customer na magsalita habang nakaalis ang kanilang Takip sa Mukha, dahil mas lalaki ang posibilidad ng Mga Tauhan na malantad sa



virus na nagdudulot ng COVID-19 kapag ginawa nila iyon, kung mayroon ng nasabing virus ang customer.

1.8.6. Tiyaking may available na face tissue o tuwalya sa customer sakaling kailanganin niyang bumahing o umubo habang nakaalis ang kanyang Takip sa Mukha. Dapat itapon ng customer ang tissue o dapat niyang ilagay ang tuwalya sa laundry bin pagkatapos ng serbisyo.

1.9. Gumawa ng plano at magpatupad ng mga kinakailangan sa pag-sanitize na higit sa mga karaniwang propesyonal na kinakailangan at pamantayan, at:

1.9.1. Sumunod sa anumang pampangasiwaang kinakailangan sa kasalukuyan o na nauugnay, sa partikular, sa COVID-19 gaya ng mga iniaatas ng Cal/Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA), Lupon sa Panggugupit ng Buhok at Pagpapaganda ng California, Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California, at Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng San Francisco.

1.9.2. Atasan ang lahat ng Tauhang regular na maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo at na maghugas ng kamay o gumamit ng hand sanitizer (na mula sa Provider ng Personal na Serbisyo) bago at matapos humawak ng mga surface na madalas hawakan, gaya ng mga cash register o tool, equipment, o materyales na maraming gumagamit.

1.9.3. I-disinfect ang mga station counter, rolling cart, drawer, hand mirror, tool, lalagyan ng mainit na tuwalya, at iba pang surface pagkatapos ng bawat customer.


1.9.4. Ang lahat ng item na pang-isahang gamit lang, gaya ng mga disposable na wax collar, bulak, strip para sa leeg, at applicator ay dapat isang beses lang gamitin at itapon kaagad sa isang lalagyang may takip.

1.9.5. Maayos dapat na i-disinfect ang lahat ng appliance at work station at lugar ng treatment pagkatapos ng bawat customer, sa ganitong paraan:

1.9.5.1. Linisin at i-disinfect ang mga gunting sa pamamagitan ng pag-aalis sa mga nakikitang debris, paglilinis gamit ang sabon at tubig, at pag-wipe o pag-spray gamit ang disinfectant na nakarehistro sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) na nakapatay ng bacteria, fungi, at virus, at na naaprubahan para sa COVID-19.

1.9.5.2. Linisin at i-disinfect ang lahat ng iba pang hindi porous at hindi electrical na tool sa pamamagitan ng pag-aalis sa mga nakikitang debris, paglilinis gamit ang sabon at tubig, pagpapatuyo sa mga tool, at pagkatapos ay ganap na pagbababad sa mga ito sa isang disinfectant na nakarehistro sa EPA. Dapat i-spray o ibabad ang mga tool at hayaang mag-set ang mga ito para sa kabuuang tagal na kinakailangan ng manufacturer ng disinfectant. Ang mga ibinabad na item gaya ng mga suklay at brush ay dapat alisin sa pagtatapos ng panahon ng contact, banlawan, at patuyuin gamit ang isang paper towel o malinis na kakalaba lang na tuwalya.

1.9.5.3. Linisin ang lahat ng electrical na tool gaya ng mga clipper, LED lamp, at esthetic device sa pamamagitan ng pag-aalis sa lahat ng nakikitang debris at



pag-disinfect gamit ang disinfectant spray o wipe na nakarehistro sa EPA na nakakapatay ng bacteria, fungi, at virus, at na naaprubahan para sa COVID-19. Sundan ito ng isang disinfectant spray o wipe na nakarehistro sa EPA para sa kabuuang panahon ng contact alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer. Mag-ingat sa paggamit ng spray at tiyaking hindi nakasaksak ang iyong device, at huwag mag-spray sa motor nito. Pag-isipang gumamit ng mga napupunasang takip para sa electronics. Kung walang gabay mula sa manufacturer, pag-isipang gumamit ng alcohol-based na wipes o spray na may hindi bababa sa 60% alcohol para ma-disinfect ang mga touch screen. Patuyuin nang mabuti ang mga surface para walang maipong likido.


- 1.9.6. Linisin at i-disinfect ang lahat ng hawakan, hose, spray nozzle, at iba pang equipment pagkatapos ng bawat customer. Dapat ding linisin at i-sanitize nang mabuti ang mga upuan, headrest, shampoo bowl, at iba pang item pagkatapos ng bawat paggamit. Kung naaangkop, pag-isipang maglagay ng paper cover, sheet, o malinis na tuwalya na madaling maitatapon o malilinis para sa paggamit sa pagitan ng mga customer. Dahil hindi madaling ma-disinfect ang mga porous na surface gaya ng mga upuang gawa sa fabric, pag-isipang takpan ang mga ito ng plastic o disposable na liner at linisin at itapon ang liner pagkatapos ng bawat customer.
 - 1.9.7. Sa mga lugar na ginagamitan ng linen, kahit na hindi ipantakip ang mga ito sa customer, dapat pa ring alisin ang mga linen para sa paglalaba at maayos na i-disinfect ang kama o mesa pagkatapos gamitin ng bawat customer ang mga ito. Ang lahat ng maruming linen, kasama ang mga tuwalya, sheet, kumot, kamisola, at reusable na cape ay dapat ilagay sa nakasarang lalagyan at hindi muling gamitin hanggang sa maayos na malabhan ang mga ito ng isang komersyal na serbisyo sa paglalaba o sa pamamagitan ng proseso ng paglalaba kung saan ibinababad ang mga ito sa tubig na may hindi bababa sa 160 degrees Fahrenheit, sa loob ng hindi bababa sa 25 minuto. Itabi ang lahat ng malinis na linen sa isang malinis na lugar na may takip. Tiyaking magsusuot ng guwantes at Takip sa Mukha ang Mga Tauhang mag-aayos sa maruruming linen o labada.
2. Seksyon 2 – Mga Karagdagang Kinakailangan para sa Mga Establisyimentong Nagbibigay ng Mga Personal na Serbisyo:
- 2.1. Gawin ang anumang kinakailangang pagsasaayos sa layout ng establisyimento para mabigyang-daan ang maayos na pagdistansya sa isa't isa. Halimbawa, dapat ayusin ang mga upuan at work station sa paraan kung saan makakapagpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga customer. Dapat pag-isipan ng mga establisyimentong magkabit ng mga karagdagang divider shield o iba pang impermeable na harang kung naaangkop.
 - 2.2. Kung bakante ang lahat o ang ilang bahagi ng establisyimento ng Provider ng Personal na Serbisyo o kung walang gumamit rito sa panahon ng Utos na Manatiling Ligat sa Bahay, dapat tiyakin ng Provider ng Personal na Serbisyo na maayos ang plumbing at na ifa-flush ang mga tubo bago gamitin ang mga ito. Nagbibigay ang Komisyon sa Mga Pampublikong Utility (Public Utilities Commission, PUC) ng San Francisco ng gabay para sa pag-flush at paghahanda ng mga water system sa:
<https://sfwater.org/flushingguidance>.
 - 2.3. Gawin ang anumang kinakailangang pagpapahusay sa bentilasyon ng establisyimento, at:



- 2.3.1. Tiyaking sinusuri at gumagana nang maayos ang system para sa heating, bentilasyon, at air conditioning (Heating, Ventilation, and Air Conditioning, HVAC) at mga air exchanger. Tiyaking naaabot ng lahat ng air filter ang optimal na performance at napapalitan ang mga ito alinsunod sa mga rekomendasyon ng manufacturer.
- 2.3.2. Kung posible, dapat dagdagan ng establisyimento ng Provider ng Personal na Serbisyo ang bentilasyon sa gusali sa pamamagitan ng pagpapataas sa porsyento ng hangin mula sa labas gamit ang HVAC system, at pag-disable sa mga kontrol sa bentilasyon ayon sa demand at pagkontrol na nagbabawas sa supply ng hangin batay sa temperatura o occupancy at nagdaragdag ng natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbubukas sa mga bintana at pinto kung posible, ayon sa mga kundisyon ng kapaligiran at kinakailangan ng gusali.
- 2.3.3. Pag-isipang magkabit ng mga portable na (High-Efficiency Particulate Air, HEPA) cleaner, i-upgrade ang mga air filter ng gusali sa pinaka-efficient, at patakbuhan ang ventilation system ng gusali kahit walang tao para madagdagan ang bentilasyon, at gumawa ng iba pang pagbabago para madagdagan ang pumapasok na sariwang hangin at bentilasyon sa lahat ng lugar ng trabaho.
- 2.3.4. Kung gumagamit ang establisyimento ng mga pedestal fan o hard mounted fan, isaayos ang direksyon ng mga bentilador para mabawasan ang hangin mula sa bentilador na umiihip sa espasyo ng isang customer papunta sa ibang customer.
- 2.4. Suriin ang pasilidad para matukoy kung ilang tao (kasama ang mga customer at Tauhan) ang kasya sa loob habang maayos na dumidistansya sa isa't isa anumang oras gaya ng iniaatas ng Direktiba at ng Utos na Manatiling Ligtas sa Bahay. Ipaalam sa Mga Tauhan ang mga limitasyon sa kapasidad at atasan silang magpatupad ng mga limitasyon sa pamamagitan ng, halimbawa, paglalaan ng break sa pagitan ng mga appointment ng customer.
- 2.5. Gumawa ng plano at magpatupad ng mga kinakailangan sa pag-sanitize, at:
 - 2.5.1. Sabihin sa Mga Tauhanang responsibilidad nilang linisin at i-sanitize ang kani-kanilang lugar ng trabaho. Dapat linisin at maayos na i-sanitize ng bawat Provider ng Personal na Serbisyo ang kani-kanilang lugar ng trabaho sa pagtatapos ng bawat shift.
 - 2.5.2. Tiyaking may access ang Mga Tauhan sa mga supply sa paglilinis, nang sa gayon ay malinisan nila ang mga surface nang mag-isa, kung kinakailangan, kapag walang available na custodial na tauhan.
 - 2.5.3. Regular na linisin at i-disinfect ang mga surface na madalas na hawakan sa mga common area sa buong araw alinsunod sa Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa. Ang mga common area ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na lugar para sa lahat: lobby, lounge o mga upuan, entry way, hallway, banyo, changing area,, elevator, at hagdan. Linisin at i-disinfect ang lahat ng surface at device na madalas hawakan sa mga common area gaya ng hawakan ng pinto, railing, gripo, inidoro, button sa elevator, coat hook, hanger, kasangkapan, computer, telepono, at iba pang device na hinahawakan ng mga tao sa buong araw.




- 2.5.4. Ihinto ang paggamit ng equipment para sa pagkain at inumin na ginagamit ng iba't ibang tao sa mga breakroom (kasama ang mga coffee brewer na iba't ibang tao ang gumagamit).
 - 2.5.5. Maglagay sa reception at lahat ng workstation ng mga naaangkop na produkto para sa pag-sanitize, gaya ng hand sanitizer at sanitizing wipes.
 - 2.5.6. I-disinfect ang mga station counter, rolling cart, drawer, hand mirror, tool, at iba pang surface pagkatapos ng bawat customer.
 - 2.5.7. Kung posible, huwag linisin ang mga sahig sa pamamagitan ng pagwawalis o iba pang paraan kung saan puwedeng kumalat ang mga pathogen sa hangin. Mag-vacuum kahit saan posible gamit ang isang vacuum na may HEPA filter. O kaya, magdahan-dahan sa pagwawalis at gawin ito pagkatapos ng bawat customer at kapag kaunti lang ang tao sa lugar. Dapat magsuot ng Takip sa Mukha ang Mga Tauhang magwawalis o magva-vacuum ng sahig.
- 2.6. Kung posible, pagbawalan ang Mga Tauhang maghiraman ng kagamitan, gaya ng mga telepono, mesa, o computer. Ang anumang kasangkapan, tool, o kagamitan na dapat gamitin ng mahigit sa isang indibidwal ay dapat i-sanitize sa paraang nakakatugon sa mga kinakailangang nakapaloob sa Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa. Kung dapat magsama ang Mga Tauhan sa iisang workspace, gaya ng kapag salitan ang kanilang shift, dapat i-sanitize ang lokasyon sa paraang nakakasunod sa mga kinakailangang nakapaloob sa Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa pagkatapos ng bawat paggamit.
 - 2.7. Kung tatanggap sumunod ang Tauhan o ang isang miyembro ng publiko sa Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha o sa iba pang probisyon ng Direktibang ito, dapat ay hindi pagserbisyuhan ng Provider ng Personal na Serbisyo ang nasabing indibidwal at dapat paalisin ang indibidwal sa pasilidad. Walang anuman sa Direktibang ito ang naglalayong baguhin ang mga obligasyon na posibleng mayroon ang isang Provider ng Personal na Serbisyo sa ilalim ng naaangkop na batas para makapagbigay ng makatuwirang akomodasyon sa Mga Tauhan o miyembro ng publiko.
 - 2.8. Magpatupad ng mga pag-iingat sa kaligtasan para sa mga customer, at:
 - 2.8.1. Lubos na Hinihikayat ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo na mga customer lang na nagpa-appointment ang tanggapin. Pag-isipang hindi muna tumanggap ng mga walk-in na customer. Paghiwa-hiwalayin ang mga appointment para mabawasan ang mga tao sa reception at matiyak na may sapat na oras para sa maayos na paglilinis at pag-sanitize pagkatapos ng pagbisita ng bawat customer.
 - 2.8.2. Hikayatin ang mga customer na magdala at gumamit ng kanilang sariling Takip sa Mukha. Dapat magbigay ang Mga Provider ng Personal na Pangangalaga sa mga customer ng Takip sa Mukha kung wala silang ganito, o dapat ay hindi nila pagserbisyuhan ang mga darating na walang Takip sa Mukha at na hindi exempted mula sa pagsusuot ng mask sa ilalim ng Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha.
 - 2.8.3. Pagbawalan ang mga customer na magsama ng ibang tao sa kanilang appointment nang may mga sumusunod na pagbubukod: (1) Kung menor de edad ang taong tatanggap ng serbisyo, puwede siyang magsama ng tagapangalagang nasa hustong gulang, (2) kung may kapansanan ang taong tatanggap sa paggamot, puwede siyang magsama ng provider ng pangangalaga na nasa hustong gulang; at (3)



puwedeng isama ng mga customer na nasa hustong gulang ang kanilang mga menor de edad na anak kung wala silang iba pang opsyon sa pag-aalaga ng bata. Ang sinumang papasok sa establisyimento ay dapat magpasuri para sa mga sintomas ng COVID-19 at isama sa pagtukoy kung naabot na ba ng pasilidad ang limitasyon nito sa kapasidad.

- 2.8.4. Kung posible, magpatupad ng teknolohiya sa virtual na pag-check in para matiyak na maaabisuhan ang Mga Tauhan kapag may dumating na customer.
 - 2.8.5. Pagbawalan ang mga customer na magtipon sa reception o sa iba pang lugar sa pasilidad. Hilingin sa mga customer na maghintay sa labas, sa kani-kanilang sasakyan bago ang kanilang mga appointment, habang nakasuot sila ng Takip sa Mukha. Sa mas malalawak na lokasyon, iisang customer lang dapat ang nasa reception sa bawat pagkakataon, o dapat baguhin ang lugar para sa sapat na minimum na anim na talampakang distansya, at alisin o harangan ang mga upuan at sofa.
 - 2.8.6. Hindi puwedeng mag-asikaso ang mga provider ng serbisyo ng maraming customer nang sabay-sabay (hal., habang pinapatuyo ang buhok ng isang customer, ginugupitan ang isa pang customer). Dapat matapos ng isang worker ang mga serbisyo para sa isang customer bago may asikasuhing bagong customer ang nasabing worker.
 - 2.8.7. Alisin at ipagbawal ang paggamit ng mga sample ng produkto.
 - 2.8.8. Alisin ang mga portable na item na may mga surface na hindi malilinis nang maayos gaya ng mga throw pillow, kumot, o magazine. Pag-isipang alisin o takpan ang anumang item na mahirap linisin, na puwedeng malapitan ng mga customer.
 - 2.8.9. Maglaan ng matigas na hindi porous na upuan o ng malaking matigas o plastic na basket o paper bag kung saan mailalagay ng mga kliyente ang kanilang mga damit.
3. Seksyon 3 – Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Serbisyo sa Buhok at Panggugupit:
 - 3.1. Dapat magsuot ang mga customer ng Takip sa Mukha na may mga loop para sa tainga para hindi makaabala ang mga ito sa mga serbisyo.
 - 3.2. Magbigay ng malinis na smock o cape sa bawat customer.
 - 3.3. Kung naaangkop para sa serbisyo, hilingin sa mga customer na pumunta sa kanilang mga appointment nang may malinis na buhok para mapabilis ang appointment.
 - 3.4. Pag-isipang pansamantalang alisin ang mga serbisyo kung saan matagal ang pag-blow dry.
 4. Seksyon 4 – Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Serbisyo ng Esthetician, Serbisyo sa Pangangalaga ng Balat, at Pagpapaganda:
 - 4.1. Dapat takpan ang mga mesa o upuan para sa treatment gamit ang malinis na table paper para sa treatment, malinis na tuwalya, o malinis na sheet pagkatapos ng bawat paggamit. Huwag ipagpag ang maruming laundry pagkatapos itong gamitin. Ilagay ang mga nagamit nang linen




sa lalagyang may lining at takip sa labas ng espasyo para sa treatment para mapaliit ang posibilidad ng pagkalat ng virus sa hangin.

- 4.2. Dapat magsuot ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo ng disposable na guwantes sa lahat ng pagkakataon sa panahon ng serbisyo at habang nililinis o dini-disinfect ang mga kagamitan at surface pagkatapos ng session ng bawat kliyente.
- 4.3. Bago lumabas ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo sa kwarto para sa treatment, dapat nilang alisin at itapon ang kanilang guwantes, dapat silang maglagay ng hand sanitizer, o dapat silang maghugas ng kamay gamit ang sabon o tubig, at gumamit ng pauna nang naihandang disposable na harang gaya ng paper towel o sanitizer wipe para buksan at isara ang pinto ng kwarto para sa treatment pagkalabas nila sa kwarto.
- 4.4. Kapag paubos na ang laman ng mga wax pot at kailangang magdagdag ng bagong wax, alisin ang anumang natitirang wax at alisin at i-disinfect ang wax pot bago ito lagyan ng bagong wax. Dapat itapon kaagad sa isang basurahang may lining ang mga applicator na pang-isahang gamit lang. Dapat ay may takip at may lining na disposable na plastic bag ang basurahan.
5. Seksyon 5 – Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Serbisyo sa Electrolgy:
 - 5.1. Mahigpit na sumunod sa mga kinakailangan sa pag-sterilize para sa lahat ng item, pati sa mga tsani, roller, at takip ng lalagyan ng karayom. Dapat linisin at i-disinfect ang lahat ng ultrasonic na cleaning unit, forceps, at lahat ng lalagyan pati ang mga naaalis na bahagi ng mga ito pagkatapos ng bawat kliyente alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer.
 - 5.2. Kung posible, gumamit ng mga disposable na probe na hindi nangangailangan ng probe tip o takip, na maglilimita sa pagkakalantad. Kung hindi gumagamit ng mga disposable na probe tip o takip, dapat linisin at i-disinfect ang naaalis na tip o takip ng epilator needle/lalagyan ng probe pagkatapos ng bawat kliyente.
 - 5.3. Ang mga karayom na gagamitin para sa electrolysis ay dapat pang-isahang gamit lang, disposable, pre-packaged, at sterile at itapon sa isang lalagyang naaprubahan para sa matutulis na bagay (sharps container) pagkatapos gamitin. Dapat itapon ang lalagyan ng matutulis na bagay alinsunod sa regulasyon sa biomedical na basura.
6. Seksyon 6 – Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Nail Salon:
 - 6.1. Dapat magsuot ng disposable na guwantes sa kabuuan ng serbisyo at habang nililinis at dini-disinfect ang lahat ng kagamitan at surface pagkatapos ng bawat kliyente. Kapag tapos na ang paglilinis, alisin at itapon ang guwantes at maglagay ng naaangkop na hand sanitizer o maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig.
 - 6.2. Dapat linisin at i-disinfect ang mga foot spa, basin, at pedicure bowl pagkatapos ng bawat kliyente kahit na gumamit ng disposable na plastic liner.
 - 6.3. Dapat gumamit ang mga nail salon ng mga disposable na supply kung puwede. Dapat ganap na i-disinfect ang anumang hindi disposable na supply pagkatapos ng bawat customer alinsunod sa mga alituntunin ng Lupon sa Panggugupit ng Buhok at Pagpapaganda ng California.



- 6.4. Ang lahat ng item na pang-isahang gamit lang gaya ng mga cardboard file, sand-band para sa mga drill at buffer, disposable na sandals, toe separator, at applicator ay dapat isang beses lang gamitin at itapon kaagad sa basurahang may lining at takip.
- 6.5. Para mabawasan ang bilang ng mga touchpoint, pagbawalan ang mga customer na hawakan ang mga nail polish sa mga istanteng pang-display, o ganap na alisin ang mga display ng nail polish. Puwedeng gumamit ng color palette kung lilinin at idi-disinfect ito pagkatapos ng paggamit ng bawat kliyente. Dapat linisin at i-disinfect ang mga nail polish bago ibalik ang mga ito sa display.
- 6.6. Pag-isipan kung puwede maglagay ng plastic na partition sa pagitan ng worker at kliyente nang may sapat na siwang kung saan maipapasok ang mga kamay o paa para sa manicure o pedicure.
- 6.7. Iisang manikurista lang ang payagang magtrabaho sa bawat station at huwag payagan ang mga kliyenteng kumuha ng maraming serbisyo nang sabay-sabay, gaya ng manicure at pedicure.
- 6.8. Kung gumagamit ng mga bentilador, gaya ng mga pedestal fan o hard-mounted fan sa salon, magsagawa ng mga hakbang para mabawasan ang hangin mula sa bentilador na direktang umihip sa isang tao papunta sa ibang tao. Kung hindi pagaganahin o aalisin ang mga bentilador, dapat pag-isipan ng mga employer kung paano maiiwasan ang mga posibleng panganib ng init.
- 6.9. Kung posible, dapat pag-isipan ng mga nail salon na i-upgrade ang kasalukuyang bentilasyon at magdagdag ng mga lokal na nail table na may exhaust.
7. *Seksyon 7 – Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Serbisyo sa Body Art:*
 - 7.1. Kinakailangan ng disposable na guwantes sa kabuuan ng serbisyo at habang nililinis at dini-disinfect ang lahat ng kagamitan at surface pagkatapos ng session ng bawat customer.
 - 7.2. Suspindihin ang mga serbisyo sa body art para sa bandang bibig at ilong. Dapat panatilihin ng mga customer ang kanilang Takip sa Mukha sa kabuuan ng serbisyo.
8. *Seksyon 8 – Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Serbisyo sa Pagmamasaha (Lugar na Hindi para sa Pangangalagang Pangkalusugan):*
 - 8.1. Atasan ang mga customer na maghugas ng kamay sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o na gumamit ng hand sanitizer sa simula ng anumang treatment.
 - 8.2. Pag-isipang baguhin ang setup ng mesa para sa treatment para masuportahan ang mga protokol sa kinakailangang paglilinis at pag-disinfect. Puwedeng kasama rito ang paggamit ng mga disposable na takip ng cradle para sa mukha at/o pagtatakip sa mesa, table warmer, bolster, at iba pang item gamit ang mga nalalabhang harang gaya ng mga plastic cover na madaling linisin o punda ng unan na puwedeng alisin at palitan pagkatapos ng bawat kliyente. Hindi pamalit ang mga harang sa mga protokol sa kinakailangang paglilinis at pag-disinfect.
 - 8.3. Dapat itabi ang malilinis na linen sa labas ng kwarto para sa treatment.



- 8.4. Pag-isipan kung dapat bang mag-alok ng mga facial massage o iba pang gawain kung saan kailangang hawakan ang mukha. Sa pagbibigay sa mga nasabing serbisyo, gumamit ng guwantes na hindi gawa sa latex para sa bahaging ito ng treatment.
- 8.5. Pag-isipang ihuli sa serbisyo ang anumang treatment sa kamay para malimitahan ang pagkalat ng mga virus particle na posibleng naiwan sa mga kamay. O kaya, puwedeng maghugas ng kamay ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o puwede silang gumamit ng hand sanitizer bago at matapos isagawa ang mga treatment sa kamay.
- 8.6. Dapat maghugas ng kamay ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo gamit ang sabon at tubig o dapat silang gumamit kaagad ng hand sanitizer pagkatapos nilang gawin ang mga serbisyo sa pagmamasaha.

II. Ilang Tanong at Sagot Tungkol sa Mga Inaasahang Kinakailangan na Ito

Kakailanganin bang magsuot ng guwantes?

Aatasan ang Mga Tauhan na magsuot ng disposable na guwantes gaya ng normal na kinakailangan para sa isang partikular na serbisyo (hal. serbisyong gumagamit ng kemikal sa buhok, piercing, tattooing). Ang pagsusuot ng guwantes ay hindi pamalit sa regular na paghuhugas ng kamay at pag-sanitize. Kung posible, maglaan ng guwantes na hindi gawa sa latex para sa mga customer o tauhang may allergy sa latex.

Isa akong body art practitioner, maiaalok ko pa rin ba ang aking kumpletong menu ng mga serbisyo?


Sa ilalim ng kasalukuyang gabay ng Estado, ipinagbabawal ang mga serbisyo sa ilong o ngipin. Aatasan ang mga customer na tatanggap ng mga serbisyo sa body art na panatilihin ang kanilang takip sa mukha sa kabuuan ng serbisyo.

Nagbibigay ako ng mga serbisyo sa personal na pangangalaga sa labas ng aking tahanan o sa bahay ng aking mga customer, magagawa ko na ba iyon ulit?

Oo, kung pinapahintulutan kang gawin ito bago pa ang COVID-19, magagawa mong muling patakbuhan ang iyong negosyo. Aatasan kang sumunod sa kasalukuyang Direktiba at gabay.

Makakapagsagawa ba ako ng serbisyo kung saan kailangang alisin ng customer ang kanyang mask?

Mas malaki ang posibilidad na magkasakit sa mga aktibidad kung saan kailangang alisin ang takip sa mukha ng mga kliyente, at malamang ay pagbawalan ng nalalapit na direktiba ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo na mag-alok ng mga serbisyo kung saan kailangang alisin ang takip sa mukha ng mga kliyente. Depende sa antas ng pagkalat ng COVID-19 sa komunidad, puwedeng payagan, sa hinaharap, ang mga nasabing serbisyo kung saan kailangang alisin ang takip sa mukha ng mga kliyente. Kung papayagan/kapag pinayagan ang mga nasabing serbisyo, dapat magsagawa ng mga pag-iingat ang Mga Provider ng Personal na Serbisyo. Tingnan ang



seksyon 1.8 para sa ilan sa mga kinakailangang dapat isaalang-alang para mas ligtas na maialok ang mga serbisyong ito.

Ano ang dapat naming gawin sa buhok, i-vacuum o walisin?

Inirerekomenda ang pag-vacuum gamit ang isang HEPA filter kaysa sa pagwawalis. Kung wala kang vacuum na may HEPA filter, mag-ingat sa pagwawalis, sa panahon kung kailan kaunti lang ang tao sa espasyo. Pag-isipang magwalis/mag-vacuum bilang bahagi ng mga protokol sa pag-disinfect sa pagitan ng mga kliyente. Magsuot ng takip sa mukha at maingat na magwalis para malimitahan ang paggalaw at pagkalat ng mga particle.

Isa akong May-ari ng Negosyo. Paano ko matitiyak na walang sakit ang Mga Tauhan sa panahon ng trabaho?

Pakibasa ang gabay ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Health, SFDPH) sa www.sfdcp.org/screen.

Paano kung magpositibo sa COVID-19 ang isang Tauhan o kliyente?

Posibleng maipasa ng mga tao ang virus 48 oras bago pa sila magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19.

Pakibasa ang gabay ng SFDPH na Ang Dapat Gawin Kung Mayoong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho, na naka-post sa www.sfdcp.org/covid19-positive-workplace.

Puwedeng hilingin sa iyong magbigay sa SFDPH ng listahan ng Mga Tauhan at Kliyente para makatulong sa contact tracing.